TAGALOG

ながのけんインフォメーション（タガログ語版）

# IMPORMASYON MULA SA NAGANO PREFECTURE

Marso 2023 No.73

Citizens and Cultural Affairs Dept.
International Community
Support and Passport Office
T E L : 026-235-7173
Email : tabunka@pref.nagano.lg.jp

Pabatid

## Bagong Consultant sa Wikang Vietnamese

Ang "Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center" ay tumutugon sa iba't ibang konsultasyon ng mga dayuhang residente mula ng ito'y binuksan noong 2019. Ipinakikilala namin ang bagong consultant sa wikang Vietnamese.



### HA THI PHUONG UYEN

Magandang araw!
Ako si HA THI PHUONG UYEN, galing ako sa Vietnam. Napakarami kong hindi alam noong dumating ako sa Japan.
Alam ko na mahirap ang tumira sa ibang bansa.
Kaya nais kong tumulong sa mga kababayan ko na may problema sa pamumuhay.
Huwag kayong mag-atubiling kumunsulta.

Pabatid

## Naghahatid ng Impormasyon sa Iba't ibang Wika

Ang "Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center" ay naghahatid ng impormasyon sa wikang banyaga sa pamamagitan ng Social Networking Service (SNS).

### Facebook Account

日本語
Nihongo

タガログ語
Tagalog

ポルトガル語
Português

タイ語
Thai

ベトナム語
TiếngViệt

インドネシア語
Bahasa Indonesia

LINE Call

WeChat
(Chinese)

## Konsultasyon — "Yorisoi Hotline" Konsultasyon para sa Lahat



Ang "Yorisoi Hotline" ay tumutugon sa mga konsultasyon sa 10 wika para sa mga nahihirapang makipag-usap sa Nihongo.
Tumutugon sa mga konsultasyon tulad ng visa at status ng paninirahan, pamumuhay at trabaho sa Japan, at anumang problema o ikinababahala. Iingatan ang inyong sekreto.(Walang bayad)

**Free Dial : 0 1 2 0 – 2 7 9 – 3 3 8**

Makikita sa homepage ang oras, araw na puwedeng kumunsulta sa nais na wika, at mga wikang posibleng matugunan.

Para sa Facebook

## COVID-19 — Pagsuot ng Mask, Depende sa Personal na Desisyon

Umpisa sa Marso 13, ang pagsuot ng mask bilang proteksiyon laban sa COVID-19 ay ipinapaubaya sa bawat indibiduwal. Ngunit, dapat magsuot ng mask sa mga sitwasyon na nakasaad sa ibaba.



- Kapag pupunta sa doktor o bibisita sa home for the aged
- Kapag sasakay sa train at bus na punô ng pasahero
- Kapag ang isang may karamdaman, buntis, o may edad (mga taong madaling lumalâ ang sakit) ay kailangang pumunta sa lugar na matao sa kasagsagan ng paglaganap ng impeksiyon.

## Paaralan — Pagpasok at pagpunta sa paaralan dito sa Japan



Kung ang isang banyagang mag-aaral ay nais pumasok sa pampublikong elementarya o sekondarya, maaaring pumasok sa paaralan nang libre tulad ng karaniwang estudyanteng Hapones. Makikita sa website ng Kagawaran ng Edukasyon sa Japan ang "Patnubay Para sa Banyagang Mag-aaral Tungkol sa Pagpasok sa Paaralan".
Makikita rin ang video na tungkol sa "Paaralan sa Japan". 【Video】 English, Português, Spanish, Chinese, Tagalog, Vietnamese, Khmer, Korean, Bahasa Indonesia, Thai, Mongolian, Nepali, Burmese, Ukranian, Japanese

**Patnubay Para sa Banyagang Mag-aaral Tungkol sa Pagpasok sa Paaralan**

English, Korean, Vietnamese, Tagalog, Chinese, Português, Spanish, Ukranian

**Masayang Makilala ka! Maging Magkaibigan Tayo!**

**Tungkol sa Elementaryang Paaralan sa Japan!**

Ang "Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center" ay tumutugon sa mga konsultasyon tungkol sa pang-araw araw na pamumuhay sa 15 wika. ( Walang bayad )
📞026-219-3068 / 080-4454-1899　ホームページ : https://www.naganoken-tabunka-center.jp/